
3

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Ang mga Simbolo sa Mapa



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Ang mga Simbolo sa Mapa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Leonora S. Valera

**Editor:** Mailen D. Cabillan, Glee S. Cavan, Adelma D. Cudera,

**Tagasuri :** Edgardo D. Pamugas III, Rosemarie T. Realino, Alejandre S. Fernandez Jr.

**Tagaguhit:** Cris A. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae A. Caduyac, Eduardo, Jr. A. Eroy, Jules Bernard G. Guinita, Marvin P. Linogao, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon, Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan

**Tagalapat:** Alpha Amor G. Mangulicmot, Patrick John P. Peresores

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Nelson C. Lopez, Janette G. Veloso, Cheerylyn A. Cometa, Analiza C. Almazan, Christopher P. Felipe, Danilo R. Dohinog, Leonora Liza D. Dacillo, Ma. Cielo D. Estrada, Alicia I. Ayuste

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Ang mga Simbolo sa Mapa

# Paunang Salita

## Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Ang mga Simbolo sa Mapa!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pambribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Ang mga Simbolo sa Mapa!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutunan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng  katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng  gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain  na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Isang maligayang pagtuntong sa Ikatlong Baitang!

Noong nasa Ikalawang Baitang ka, napag-aralan mo ang tungkol sa iyong kapaligiran. Ngayon, mas mapalalawak pa ang iyong kaalaman ukol sa lalawigan at maging sa mga karatig na lalawigan sa iyong rehiyon.

Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo kung papaano mo matutunton at makikilala ang iba't ibang lugar, mga anyong lupa o anyong tubig ng iyong rehiyon sa tulong ng mga simbolo o pananda na makikita sa mapa. Mahalagang malaman mo ang mga simbolong ginamit sa mapa upang mapadali ang pagtunton sa mga lugar na nais na mapuntahan o malaman.

Handa ka na ba? Tara na at lakbayin ang daan patungo sa karunungan!

Nakapaloob sa modyul na ito ang araling:

Ang Mga Simbolo sa Mapa

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:


1. Naiisa-isa ang mga simbolo na ginagamit sa mapa; at
2. Nabibigyang kahulugan ang mga simbolo na ginagamit sa mapa sa tulong ng mga panuntunan (AP3LAR-Ia-1).

## *Subukin*


Tingnan ang mga guhit at kilalanin kung ano ang sinisimbolo nito. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. 

A. burol  C. bundok
B. bulkan  D. lambak

2. 


A. paaralan  C. kabahayan
B. simbahan  D. pagamutan

3. 

A. ilog  C. pulo
B. lawa  D. karagatan

4. 

A. paaralan  C. kabahayan
B. simbahan  D. pagamutan

5. 




A. ilog  C. look
B. lawa  D. karagatan

# Aralin 1 Ang mga Simbolo sa Mapa

Ang iba't ibang lugar na matatagpuan sa ating rehiyon ay makikita sa mapa at ang bawat isa ay may katumbas na pananda na makikilala sa pamamagitan ng simbolo.

## Balikan

Pagtambalin ang isinasaad ng larawan sa Hanay A sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  | A. ilog |
| 2.  | B. lawa |
| 3.  | C. talon |
| 4.  | D. talampas |
| 5.  | E. bulubundukin |

### *Mga Tala para sa Guro*

Basahin at ipaunawa nang mabuti ang mga panuto sa bawat hakbang at gawain. Ipaalala sa mag-aaral na gumamit ng hiwalay na papel sa pagsulat ng kanilang mga sagot sa mga gawain. Lahat ng sagutang papel at mga proyekyong nagawa ay ipapasa sa guro upang mabigyan ng nararapat na marka.

## Tuklasin

Nais mong pumunta at mamasyal sa isang magandang tanawin dito sa ating lalawigan ngunit hindi mo alam ang daan patungo roon. May ibinigay sa iyo na mapa na may mga simbolo na nagsasad ng daan papunta doon. Ano kaya ang kahulugan ng mga simbolo na makikita sa mapa? Bakit kaya kinakailangan natin malaman ang mga kahulugan nito? Ito ba ay makakatulong sa iyo upang matuntun ang lugar na nais mong puntahan? Halika ating tuklasin!

## Suriin

Ang **mapa** ay isang larawan o representasyon sa papel ng isang lugar na maaaring kabuoan o bahagi lamang nito na nagpapakita ng pisikal na katangian, mga lungsod, mga kabisera, mga daan, at iba pa.

Ang mapa ay gumagamit ng iba't ibang simbolo upang kumatawan sa mga bagay para ipahiwatig ang katangian at iba pang impormasyon ukol sa mga lugar. Tinuturo nito ang tamang kinalalagyan ng isang lugar o pook. Noong araw gumawa na ang mga tao ng mga simbolo upang matunton ang mga bagay o isang lugar. Sa kasalukuyan, pwede rin tayong gumawa ng ating simbolo, bagama't hindi ito ang aktwal na ginagamit sa mapa na nabibili. Ang naimbentong simbolo ay pananda lamang ng mga taong gumagamit nito. Ang bawat simbolo o pananda ay may kahulugan.


Mahalagang malaman at maintindihan ito upang mas madaling makilala o mapuntahan ang isang lugar. Madali lamang kilalanin ang mga simbolo sa mapa. Karaniwang ginagamit na larawan sa mga simbolo ng mga bagay ay ang mismong hugis nito. Isang halimbawa ay ang hugis ng burol na kagaya nito . Kung ang lugar ay kapatagan, nakikita ang ganitong simbolo sa mapa .

.

# Pagyamanin

## Gawain A


Gumawa ng talahanayan na katulad ng nasa ibaba sa sagutang papel at punan ito ayon sa iyong mga nakikita sa lungsod o lalawigan na kinabibilangan gamit ang iba't ibang simbolo o pananda. Gawing gabay ang halimbawang ibinigay sa unang bilang.




| Simbolo sa Mapa | Kahulugan ng Simbolo | Lugar Kung Saan Ito Makikita |
|---|---|---|
| 1.  | talon | Davao Oriental |


## Gawain B

Tingnan ang mga karaniwang simbolo sa loob ng kahon. Isulat sa sagutang papel ang kahulugan ng bawat isa nito.



## Gawain C

Pag - aralan ang mapa. Iguhit sa sagutang papel ang simbolong tumutukoy sa mga salitang nakasulat sa bawat kahon.






# Isaisip

- Ano ang mapa?
- Bilang isang mag-aaral, paano nakatulong ang mapa at ang kaalaman mo sa kahulugan ng mga simbolo sa paghahanap ng mga lugar?




# Isagawa

Gumawa ng isang gabay na mapa ng iyong rehiyon. Iguhit ang simbolo at pangalan ng mga katangiang matatagpuan sa bawat lalawigan o lungsod.

## *Tayahin*

Basahing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.



1. Anong anyong lupa ang tinutukoy ng simbolong ito  ?

   A. burol C. kapatagan
   B. lambak D. bulubundukin

2. Anong anyong tubig ang may ganitong pananda  ?

   A. ilog C. look
   B. lawa D. dagat

3. Kung ituturo mo sa mapa ang pagamutan, anong simbolo ang hahanapin mo?

   A.  C. 
   B.  D. 

4. Ano ang gagamitin mo upang madaling makilala mo sa mapa ang iba't ibang anyong lupa, anyong tubig at iba pang imprastraktura?


   A. letra C. simbolo
   B. lugar D. pangalan

5. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng larawan at simbolo sa mapa?


   A. masuri ang lahat ng mapa
   B. mapaganda ang istruktura ng mapa
   C. mas maintindihan ang halaga ng mapa
   D. madaling makilala ang mga lugar at katangian nito sa mapa

## Karagdagang Gawain


Isulat ang pangalan at simbolo na tinutukoy ng bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1. ___________




2. ___________



3. ___________

4. kabundukan

5. kabahayan

# Susi sa Pagwawasto

### Subukin

1. B
2. D
3. B
4. B
5. D

### Balikan

1. C
2. E
3. A
4. D
5. B

### Pagyamanin

GAWAIN A

| Simbolo sa Mapa | Kahulugan Ng Simbolo | Lugar kung Saan ito makikita |
|---|---|---|
| 1.  | talon | Davao Oriental |
| 2.  | bundok | Davao del norte |
| 3.  | paaralan | Davao de Oro |

GAWAIN B

1. lambak
2. simbahan
3. paaralan
4. kabahayan
5. talampas

GAWAIN C

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

### Isagawa

Tayahin

1. D
2. A
3. A
4. C
5. D

### Karagdagang Gawain

1.pagamutan

2.paaralan

3.simbahan

4. 

5. 

# *Sanggunian*

Cabigas Lilibeth, Hilay Ivy, Rafaela Lilibeth., Makabayan 3, Module 11pahina 1-6

Edrina Tito M., (2014) Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag- aaral pahina 1-4

Cruz Gloria M., Capunitan Charity A., dela Rosa Emelito C.,Arrobang Leo F.,Janda Lerma V. (2013) Araling Panlipunan 2 Kagamitan ng Mag-aaral pahina 77-86

Capunitan, Charity A., Galarosa, Walter F., Sampang, RodelC.,Manalo, Thea Joy G. (2015) Araling Panlipunan 3, Kagamitanng Mag-aaral, pahina 2-9.

Capunitan, Charity A., Galarosa, Walter F., Sampang, Rodel C., Manalo, Thea Joy G.,(2015) Araling Panlipunan 3, Gabay ng Guro, pahina 1-5.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph